## Anong impormasyon ang kinokolekta at paano ito ginagamit?

Bilang bahagi ng pagsusuring ito, ang impormasyong kinakailangan ng programa ay kinokolekta ng inyong lokal na ospital at ng Health New Zealand | Te Whatu Ora tungkol sa iyo at sa iyong sanggol.

Kasama sa impormasyong kinokolekta ang mga pangalan, petsa ng kapanganakan ng sanggol, mga detalye sa pakikipag-ugnayan, etnisidad, doktor at iba pang tagapag-alaga, pati na rin ang impormasyon at mga resulta ng pagsusuri sa pandinig. Ito ay ginagamit upang:

- tiyakin na ang mga sanggol ay nabigyan ng pagkakataong masuri (screening)
- ipagbigay-alam ang mga resulta ng pagsusuri sa doktor ng pamilya at sa iba pang mga tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan at pangangalaga sa ina at sanggol
- subaybayan, suriin, at mag-ulat tungkol sa programa ng pagsusuri (screening)
- magsagawa ng pananaliksik na inaprubahan ng komite sa etika para sa pananaliksik sa mga tao (human ethics committee).

Ang impormasyong ito ay itinatago sa isang pambansang sistema ng datos at maaaring ibahagi sa iba pang mga programa ng impormasyong pangkalusugan para sa mga bata at sa mga Serbisyong Well Child Tamariki Ora, kabilang ang B4 School Check.

Kung matuklasang may pagkawala ng pandinig (hearing loss) ang iyong sanggol, ang impormasyong ito ay ibabahagi sa Ministry of Education upang matiyak na maiaalok sa iyo at sa iyong anak ang mga serbisyo para sa maagang interbensyon (early intervention services). Ang impormasyong ito ay ibinibigay din sa Deafness Notification Database.

Walang mga inilathalang ulat ang makakapagpakilala sa iyo o sa iyong sanggol sa anumang paraan.

## Karagdagang impormasyon

Kung mayroon ka pang mga karagdagang katanungan, mangyaring ipaalam sa iyong pangunahing tagapag-alaga sa pagbubuntis (lead maternity carer) o sa tagasuri ng pandinig (hearing screener).

Makakahanap ng higit pang impormasyon tungkol sa pangangalap at pagbabahagi ng impormasyong pangkalusugan sa https://www.tewhatuora.govt.nz/for-health-professionals/data-and-statistics/nz-health-statistics/data-protection-and-privacy/

Kasama sa mga Well Child Tamariki Ora na pagsusuri ang mga tanong para sa mga magulang tungkol sa pag-unlad ng pandinig, pagsasalita, at wika ng kanilang sanggol. Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa paraan ng pakikinig o pagtugon ng iyong anak, mangyaring talakayin ito sa iyong Well Child na nars, guro sa maagang edukasyon (early childhood teacher), o doktor.

*Sabay na pinangangasiwaan at mino-monitor ng Health New Zealand | Te Whatu Ora at ng Ministry of Education ang Universal Newborn Screening at Early Intervention Programme. Itinatag ito upang matiyak ang mas mabuting kalalabasan para sa mga sanggol na may pagkawala ng pandinig at para sa kanilang mga pamilya at whānau. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsusuri ng pandinig sa mga bagong silang na sanggol, bisitahin ang website ng Health New Zealand | Te Whatu Ora:* ***info.health.nz***

Ang sangguniang ito ay makukuha mula sa **healthed.govt.nz** o sa iyong lokal na Awtorisadong Tagapagbigay (Authorised Provider).

Health New Zealand
Te Whatu Ora
Well Child Tamariki Ora
Te Tāhuhu o te Mātauranga
Ministry of Education

**Te Kāwanatanga o Aotearoa**
New Zealand Government

June 2026. Code **HE2429-TGL** Tagalog

**Pagsusuri sa bagong silang na sanggol (Newborn Screening)**

Libreng mga pagsusuring pangkalusugan para sa iyong sanggol

# Pagsusuri sa pandinig ng bagong silang na sanggol

(Newborn Hearing Screening)



## Pagsusuri sa Pandinig ng Iyong Sanggol

(Your Baby's Hearing Screen)

Ang lahat ng sanggol ay sinusuri sa kapanganakan upang matiyak na maayos ang lahat. Ang ilan sa mga pagsusuri sa kalusugan ng iyong sanggol ay tinatawag na 'screening'.



## Pagsusuri sa pandinig ng bagong silang na sanggol – bakit kailangan ito ng aking sanggol?

Iaalok sa iyo ang pagsusuri sa pandinig ng bagong silang na sanggol upang matiyak kung nakakarinig nang maayos ang iyong sanggol. Ang pagsusuring ito ay idinisenyo upang matukoy ang katamtaman hanggang malubhang pagkawala ng pandinig. Maaaring hindi nito matukoy ang banayad na pagkawala ng pandinig. Kung hindi nakakarinig ang mga sanggol, mahihirapan silang umunawa at makipagkomunikasyon sa iyo. Kung may pagkawala ng pandinig ang iyong sanggol, ang maagang pagtuklas nito ay mabuti para sa kanilang pag-unlad ng wika, pagkatuto, at pakikisalamuha.

## Ano ang pagsusuri sa pandinig ng bagong silang na sanggol (newborn hearing screening)?

Upang masuri ang pandinig ng iyong sanggol, maglalagay ng isang "ear cushion" sa tainga ng iyong sanggol at magpapatugtog ng mahihinang tunog na parang pag-click. Maglalagay ng mga espesyal na sensor sa ulo ng iyong sanggol, at kukunin ng mga sensor na ito ang tugon mula sa nerbiyo ng pandinig ng iyong sanggol. Ito ay tinatawag na automated auditory brainstem response o aABR na pagsusuri (screen).



## Kailan at saan isasagawa ang pagsusuri sa pandinig ng bagong silang na sanggol?

Karaniwang isinasagawa ang pagsusuri bago kayo makauwi ng iyong sanggol mula sa ospital. Kung ang iyong sanggol ay hindi ipinanganak sa ospital o hindi nasuri bago kayo umuwi, iaalok ang pagsusuri sa pandinig ng bagong silang na sanggol sa inyong lokal na klinika ng kalusugan o sa outpatient na klinika ng ospital. Mas mainam na pumunta nang mas maaga kaysa sa oras ng iyong appointment upang mapakain at mapatahimik muna ang iyong sanggol para makatulog.



## Masasaktan ba ang aking sanggol?

Ang pagsusuri sa pandinig ng bagong silang na sanggol ay hindi masakit o nakakasama sa iyong sanggol, at maaari kang manatili kasama niya habang isinasagawa ang screening. Ito ay simple at ligtas – karamihan sa mga sanggol ay natutulog lamang habang isinasagawa ito. Maaaring tumagal ng 15–20 minuto ang pagsusuri at pinakamainam itong gawin kapag kalmado o natutulog ang iyong sanggol.

## Ano ang mangyayari pagkatapos ng pagsusuri sa pandinig ng bagong silang na sanggol?

Sasabihin sa iyo ang mga resulta kaagad.

May ilang sanggol na kailangang muling isailalim sa screening dahil ang naunang pagsusuri ay hindi nagpakita ng sapat na malakas na tugon sa isa o parehong tainga. Maaaring ito ay dahil sa:

- hindi mapakali ang iyong sanggol
- may sobrang ingay sa silid ng pagsusuri
- may likido sa gitnang tainga ng iyong sanggol
- maaaring may pagkawala ng pandinig ang iyong sanggol.

Kung mangyari ito sa pagsusuri ng pandinig ng iyong sanggol, iaalok sa inyo ang muling pagsusuri, bago kayo umalis sa ospital o bilang isang appointment sa outpatient.

## Paano kung ang muling pagsusuri ay hindi pa rin makapagbigay ng malinaw na resulta?

Hindi ito nangangahulugang may pagkawala ng pandinig ang iyong sanggol. Ire-refer ka sa isang espesyalista sa pandinig (audiologist) na magsasagawa ng karagdagang mga pagsusuri at magbibigay ng karagdagang payo.

## Ang iyong mga karapatan

Ang kodigo ng mga Karapatan ng mga Konsyumer ng Serbisyong Pangkalusugan at Kapansanan (Health and Disability Services Consumers' Rights) ay nagpoprotekta sa iyong mga karapatan. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa **www.hdc.org.nz**

Pinoprotektahan ng Health Information Privacy Code ang iyong mga personal na detalye at nagbibigay sa iyo ng mga karapatan na ma-access ang impormasyon tungkol sa iyo at maitama ito. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang **www.privacy.org.nz**

